

# 10

## DISKARTE SA PAGTITIPID NG TUBIG



### #1 Maligo nang may kasabay na kanta

Magpatugtog ng 3-5 minutong kanta o maglagay ng timer sa shower na magpapaalala sa iyo na maligo lang nang saglit.



### #2 Huwag magtapon ng basura sa toilet

Itapon ang papel o tissue sa basurahan, sa halip na gumamit ng galon-galong tubig sa bawat flush.



### #3 Linisin ang buhok mo nang nakapatay ang tubig

Pagpahingahin ang iyong shower at magtipid ng tubig habang naglalagay ng shampoo at conditioner.



### #4 Pagsama-samahin ang mga lalabhang damit

Maglaba lang kapag puno na ang labahan. Puwede kayong magsabay ng mga kaibigan o miyembro ng pamilya mo, para makatipid ng pera at tubig.



### #5 Isuot ang mga damit nang maraming beses

Hindi kailangang labhan nang madalas ang mga damit gaya ng pantalong maong at coat. Gamitin nang ilang beses ang mga item na ito bago ilagay sa labahan.



### #6 Ayusin ang mga tagas

Agad na ayusin o iulat ang mga tagas.



### #7 Gumamit ng reusable na bote ng tubig

Magdala ng reusable na bote ng tubig para kaunti lang ang basong kailangang hugasan. Ipandilig ng halaman ang tirang tubig.



### #8 Gumamit ng isang mangkok ng tubig

Hugasan ang iyong mga prutas at gulay sa isang batya ng tubig, sa halip na hayaang tuloy-tuloy na tumulo ang gripo.



### #9 Huwag hayaang nakabukas lang ang gripo

Isara ang gripo kapag nagsisipilyo, nag-aahit, at nagsasabon ng kamay.



### #10 Punuin ang dishwasher

Gamitin lang ang dishwasher kapag puno na ito.



Marami pang diskarte sa  
**LiveH<sub>2</sub>OLB**  
.com



Long Beach Water